# Walang Hanggan

## QuESt

Gulong gulo ang puso
Saan ba 'to patungo?
Di ko alam
Di ko alam.Hinarap lahat ng balakid
Pero bakit walang kapit
Ang mga pangakong binitawan?
Di ko alam
Di ko alam
Noong ika'y nilalamig, ako'y iyong init
Kapag takot sa bukas, ako'ng unang sisilip
Ginawa ko na ang lahat
Di pa din sapat kasi ika'y mawawala na
Nawalan ng gana ang tadhana
Nanlalamig 'yong dating nagbabaga
Kung maibabalik lang sana
Titiisin ko na kahit paulit-ulit
Tapos pipilitin ko na di maulit
Ang masulyapan mo yung dulo
Akala ko walang hanggan pero may dulo
Bawat segundo sa aking puso iuukit
Lahat ng alaala aking iguguhit,
Para makalimutan mong may dulo
Ang sabi mo walang hanggan
Pero eto tayo sa duloKailan ka ba napaso?
Nanlalamig na ang iyong braso
Bakit ganyan?
Bakit ganyan?Kung pwede lang pakisagot lahat ng bakit
Saan galing ang galit? Mayroon bang nang-aakit?
Kailangan ko lang malinawan
Bakit ganyan? Bakit ganyan?
Handang panindigan lahat ng ating plano
Sigurado kahit di kabisado
Gagawin ko ang lahat. Walang pake kung di sapat
Kasi ikaw ay mawawala na
Nawalan ng gana ang tadhana
Nanlalamig iyong dating nagbabaga
Kung maibabalik lang sana
Iindahin ko ang sakit na gumuguhit
Ngingiti sa likod ng luhang pumupunit

Baka masulyapan mo yung dulo
Kasi sabi mo walang hanggan, Ba't merong dulo?
Ibibigay ko ang lahat paulit ulit
Bawat pagkakataon ay aking isusulit
Basta matalikuran mo yung dulo
Ang sabi mo walang hanggan
Ba't na'ndito tayo sa dulo?
Oh Ohhh sa dulo
Oh oh ohhh'Wag ka munang tumalikod. Bumalik ka muna dito
Padampi kahit anino. Ayokong mag-isa dito
Wala na bang bisa aking dalangin?
Tinataboy na ba ng langit? Nakikiusap na lang sa hangin Ngayon wala ka na sa akinOhhh Bakit ba biglang meron tayong dulo?
Pangako mo walang hanggan
Bakit nandiyan ka sa dulo?
Pwede bang kalimutan mong may dulo?
Handa 'ko sa walang hanggan
Pangako mo walang hanggan
Akala ko walang hanggan. Pero eto tayo sa dulo
Kung ika'y mawawala sa aking piling, Dinggin mo aking bilin. Lingon ka lang paminsan minsan. Dito lang akoDi ako lilisan
Sa aking dulo, di ako lilisan.

Song Discussions is protected by U.S. Patent 9401941. Other patents pending.

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/